



Naghahatid kami ng kaunting impormasyon at kuwento ng karanasan sa pagpapalaki ng anak.



Para sa mga detalye, i-click ang

**Oyakokomi Hiroshima!**



Inilathala ng Hiroshima Prefectural Board of Education

Sa pakikipagtulungan ni Propesora Mutsumi Imai,  
Environment and Information Studies Department,  
Keio University




**Regalo ng Salita**  
**para sa iyong baby**

## Maligayang bati sa pagkapanganak ng iyong baby.

Sa bawat pahina,  
sa itaas na bahagi, ipinapaalam sa mga  
magulang "kung ano ang nangyayari sa loob ng  
baby hanggang sa matuto siyang magsalita."

Mangyari namang basahin ang nakasulat sa  
ibaba sa iyong baby.

Oo nga, ano?  
Paano natututong magsalita ang **baby**?




○○(pangalan) It it...

Nakakaabot ang "tunog" sa **baby**.  
Tunog ng bagay na gumagalaw at boses ng tao...  
regalo ng boses sa iyong **baby**!



**Bulaga!**

Matiyagang nakikinig ang **baby** araw-araw.  
Kagiliw-giliw na ritmo ng boses, kumpol ng mga boses  
na narinig nang maraming beses...



**Magandang umaga, ○○(pangalan)**

**Tulog na, ○○(pangalan)**

Gustong-gusto ng **baby** na kinakausap siya higit sa lahat.  
Gustong-gusto rin niya ang hinahaplos, niyayakap at kinakarga siya.



○○(pangalan)

**mabait na baby, cute na baby**

Nakikinig ang **baby** sa maraming "tunog" araw-araw.  
Tunog ng laruan at boses ng hayop...  
Pero pinakagusto niya ang boses ng taong kumakausap sa kanya.



**Aw-aw Tot-tot**

**Kalansing-kalansing**

Naghahanda na ang **baby** matagal pa bago siya magsimulang magsalita.

At unti-unti niyang susubukan at sisimulan ang pagsasalita nang dahan-dahan.



**Igik-igik Nam-nam  
Baboo-baboo**

Gustong-gusto ng **baby** na kinakausap siya lalo na sa "baby talk." Huwag masyadong pag-isipan, kundi kausapin nang kausapin ang iyong **baby** sa pagsasalitang kinatutuwaan niya, habang tinitingnan ang kanyang mukha.



**I love you, ○○(pangalan)!**

## Magregalo ng maraming salita sa iyong baby

Pinakamahalaga sa pag-unlad ng pagsasalita ang madalas na pakikipag-usap sa iyong baby.

Siguro mahihirapan kang kausapin ang baby na hindi nakakapagsalita. Sa ganitong pagkakataon, mainam na basahin siya ng picture book.

Sadyang pinili para sa mga bata ang mga salita sa picture book.

Gustong-gusto din ng baby ang picture book na maraming baby talk. Maghanap ng picture book na gusto ng iyong baby, at paulit-ulit itong basahin sa kanya.

Kausapin ang iyong baby habang nakikipag-ugnayan sa kanya, at i-enjoy ninyo ang pagbabasa ng mga kuwento.

Propesora Mutsumi Imai  
Environment and Information Studies Department,  
Keio University



Maraming salita ng tunog at boses sa mga picture book!

Bakit hindi ninyo subukang pumunta sa malapit na aklatan kasama ng inyong baby?

